Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 31 NG MAYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar .......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ........... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ............ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ............. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco .......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ........ Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Heidi S. Ciriaco ............. Pang. Punong Bayan
nasa lakad opisyal

## KAPASIYAHAN BLG. 223-T'2000

KAPASIYAHANG HUMIHILING KAY G. DANTE LANTIN, PINUNO, LAND TRANSPORTATION FRANCHISING REGULATORY BOARD (LTFRB), LUNGSOD NG LIPA NA MABUKSAN ANG MGA SARADONG LINYA PARA SA MGA SASAKYANG JEEPNEY NA BUMIBIYAHE NG MAJAYJAY-SANTA CRUZ, MAGDALENA-SANTA CRUZ AT SAN PABLO-SANTA CRUZ, SA LALAWIGAN NG LAGUNA.

SAPAGKA'T, may kahilingang iniharap sa sangguniang ito ang Samahang Nagkakaisang Drivers at Operators (SNOD) ng Ikaapat na Distrito ng Laguna na hilingin sa LTFRB na mabuksan ang mga saradong linya ng mga bumibiyaheng jeepney sa bayang ito ayon sa nasasaad sa itaas nito;

SAPAGKA'T, ang naturang kahilingan ay bunsod ng kanilang layuning maging legal at mapahintulutan ang mga sasakyang tinatawag na colorum na isyuhan ng prangkisa upang makapagbiyahe at makapaghanap-buhay nang maayos;

SAPAGKA'T, may itinakdang petsa at ito'y sa ika-1 ng Hulyo, taong ito upang pahintulutang makapagbiyahe at makapamasada lamang ang mga legal na sasakyang jeepney;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na hilingin kay G. Dante Lantin, Pinuno, Land Transportation Franchising Regulatory Board (LTFRB), Lungsod ng Lipa na mabuksan ang mga saradong linya para sa mga sasakyang jeepney na bumibiyahe ng Majayjay-Santa Cruz, Magdalena-Santa Cruz at San Pablo-Santa Cruz, sa Lalawigan ng Laguna.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Manananggol, Pinuno ng Pulisya, bayang ito, at LTFRB, Lungsod ng Lipa, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 223-T'2000)

-02-

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad 6/5/00
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan 8/1/5/2000